


# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan – Modyul 4: Tamang Pangangasiwa ng Kapaligiran, Isang Pananagutan



**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikatlong Markahan –Modyul 4: Tamang Pangangasiwa ng Kapaligiran, Isang  
Pananagutan  
Unang Edisyon, 2019**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Mga Manunulat:</b>	Josephine Bruselas-Mien, Agnes Dejuras-Nocos, Lea B. Perez, Jessica Abanto-Pura	
<b>Konsultant:</b>	Mary Jean B. Brizuela, Sheila C. Bulawan, Dollie G. Franche, Irene F. Yazon	
<b>Tagaguhit:</b>	Jed T. Adra	
<b>Tagalapat:</b>	Jeffrey B. Sape, John Claude R. Caunca, Ana Lisa M. Mesina	
<b>Mga Tagapamahala:</b>		
	Gilbert T. Sadsad,	Francisco B. Bulalacao
	Grace U. Rabelas	Lailanie R. Lorico
	Jily I. Roces	Merlita B. Camu

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Contact: 0917-178-1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikatlong Markahan – Modyul 4:  
Tamang Pangangasiwa ng  
Kapaligiran, Isang Pananagutan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Basura ang isa sa hindi matapos tapos na suliranin ng ating bansa na sanhi ng polusyon sa hangin, sa lupa at sa tubig. Maraming problema na ang naibigay at patuloy na ibinibigay sa atin ng nagkalat na basura lalo na sa kalusugan ng tao. Matagal ng usapin kung paano nga ba mapapangasiwaan nang maayos ang basura sa kapaligiran ngunit hanggang ngayon ay hindi pa rin ito nasosolusyunan. Ang kapabayaang at iresponsableng pagtatapon ng basura ng mga tao ang dahilan ng paglala ng polusyon sa ating bansa. Paano nga ba ito masosolusyunan kung sa simpleng pagtapon ng basura sa wastong lalagyan ay hindi pa masunod ng karamihan?

Sa pamamagitan ng modyul na ito, inaasahang ang isang mag-aaral na tulad mo ay makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran sa pamamagitan ng:

- segregasyon o pagtapon ng mga basurang nabubulok at dinabubulok sa tamang lalagyan;
- pag-iwas sa pagsunog ng anomang bagay; at
- paggamit na muli ng patapong bagay o pagresiklo.



## **Subukin**

**A. Panuto: TAMA O MALI.** Isulat ang **TAMA** kung wasto ang isinasaad ng pangungusap hinggil sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran at **MALI** kung hindi. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Magsunog ng mga basura para mabawasan ang kalat sa kapaligiran.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang malinis at maayos na kapaligiran ay makakamtan kung ang lahat ay magtutulungan sa wastong pangangasiwa ng basura.
- \_\_\_\_\_ 3. Sa pamamagitan ng *recycling* mababawasan ang basura sa kapaligiran.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang mga basura ay dapat ibukod-bukod upang matukoy ang maaari pang i-recycle.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang mga nabubulok at di-nabubulok na basura ay maaaring pagsamahin kung hindi naman magre-*recycle*.

**B. Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa inyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Natutuhan mo sa Edukasyon sa Pagpapakatao na dapat ibukod-bukod ang mga basura. Ngunit hindi ito isinasagawa sa inyong bahay. Ano ang mainam mong gawin?
  - A. Hayaan lang ito.
  - B. Isumbong sa guro.
  - C. Pagalitan ang mga magulang.
  - D. Imungkahi na simulan ang pagbubukod-bukod ng basura.

- \_\_\_\_\_2. Inutusan ka ng iyong Nanay na sunugin ang isang sako ninyong basura. Ano ang gagawin mo?
- A. Uutusan ko po ang aking kapatid.
  - B. Susundin ko po ang utos ng Nanay.
  - C. Sasabihin ko po kay Nanay na ipinagbabawal ito.
  - D. Palihim ko po na itatapon ito sa ilog.
- \_\_\_\_\_3. Binigyan kayo ng proyekto kung saan kailangan magresiklo ng mga patapong bagay. Ano ang dapat mong maramdaman sa gawaing ito?
- A. Maiinis ako kasi hindi ko naman ito magagamit.
  - B. Mababagot ako kasi pwede naman akong bumili ng bago.
  - C. Malulungkot ako kasi hindi naman ako mahilig mag-resiklo.
  - D. Masisiyahan ako kasi makagagawa ako ng isang bagay mula sa pagreresiklo.
- \_\_\_\_\_4. Paano mapapanatiling malinis at maayos ang kapaligiran?
- A. kung itatapon na ang mga bagay na wala na sa uso
  - B. kung paghihiwalayin ang mga basurang nabubulok at di-nabubulok
  - C. kung susunugin ang mga basurang nabubulok gaya ng mga tuyong dahon
  - D. kung ibabaon ang mga di-nabubulok na basura sa lupa upang gawing pataba

\_\_\_\_ 5. Alin sa mga sumusunod na mga gawain ang nagpapakita ng wastong segregasyon?

- A. pagtapon ng sirang bombilya sa basurahan ng mga nabubulok
- B. paglagay ng tinik ng isda sa basurahan ng dinabubulok
- C. paglagay ng plastik kasama ang mga buto ng manga
- D. pagtapon ng balat ng saging kasama ng mga tuyong dahon

**Aralin**

**1**

## **Tamang Pangangasiwa ng Kapaligiran, Isang Pananagutan**

Bawat araw ay may basura tayong itinatapon. Kung nagtatapon ka ng basura, inilalagay mo ba ito sa wastong lalagyan? Kung oo, magaling! Ipagpatuloy mo ito. Ngunit, alam mo ba kung saan nakatambak ang mga basurang kinokolekta sa inyong pamayanan?

Pagmasdan ang larawan sa ibaba.



Kodaka, Akira. (2017). Sanitation workers & scavengers pick their way through the refuse of the landfill in the Payatas district of Quezon City, Metro Manila [Photograph] Environmental Justice Atlas. <https://ejatlas.org/conflict/smokey-mountain-philippines>



Ang *dumpsite* ay ang lugar kung saan tinatambak ang mga nakolektang basura sa isang lugar. Ang larawan sa itaas ay ang Payatas *dumpsite* sa Maynila. Kasabay nang pagbagsak ng ulan noong umaga ng Hulyo 10, 2000, gumuho ang gabundok na basura at natabunan ang tinatayang 100 bahay. Kunitil ito ng tinatayang 232 na taong naninirahan doon.


Sa dami ng basurang nakokolekta araw-araw sa buong bansa, hindi ba mas mainam kung gagawa tayo ng paraan upang mabawasan ang gabundok na basura? Kaya naman bilang isang batang Pilipino, malaki ang iyong gampanin sa usaping ito. May magagawa ka upang mabigyang solusyon ang problema sa basura sa ating bansa. Nararapat lamang na isagawa mo ang mga gawaing nakapagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran sa pamamagitan ng mga gawain tulad ng segregasyon o pagbubukod-bukod ng mga basurang nabubulok at di-nabubulok; pag-iwas sa pagsunog ng anomang bagay; at pagsasagawa ng muling paggamit sa ibang paraan ng mga patapong bagay o *recycling*.



## ***Balikan***

Natutunan mo sa nakaraang aralin na kailangang sundin ang mga batas at panuntunang pangkapaligiran kahit walang nakakakita. Ang pagsunod sa mga panuntunan at batas ay nakabubuti sa ating kapaligiran upang hindi ito tuluyang masira.

Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagsunod sa mga batas at panuntunang pangkapaligiran? Isulat ang titik ng tamang sagot sa bawat *street sign*.



- A. pagsasabuhay ng Basura Ko, Bitbit Ko
- B. paghiwalay ng *recyclable waste* at *compostable waste*
- C. paninigarilyo sa parke
- D. pagtatapon ng plastik sa dagat
- E. paglalagay ng *recyclable waste materials* sa MRF (*Material Recovery Facility*)

Ang pagsunod sa mga batas at panuntunang pangkapaligiran kahit walang nakakakita ay nakatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran. Ang pangangalaga sa kapaligiran ay maaari pang maipakita sa pamamagitan ng segregasyon o pagbubukod-bukod ng mga basurang nabubulok at di-nabubulok, pag-iwas sa pagsunog ng anomang bagay, at pagsasagawa ng muling paggamit sa ibang paraan ng mga patapong bagay o *recycling*.



## **Tuklasin**

Basahin ang kuwento na nasa ibaba at sagutin ang mga tanong tungkol dito.

### **Disiplina sa Basura, Magsisimula sa Pamilya**

Isinulat ni: Jessica A. Pura

Sabado. Kaarawan ni Loti. Nagtungo ang mag-anak sa *beach resort* upang doon ipagdiwang ang kanyang kaarawan.

Marami silang baon. May adobong baboy, laing, *sandwich*, saging at *juice*. Nagluto din si Nanay Siony ng espesyal na *pancit canton* at bumili rin si Tatay Abner ng *cake*. “Maligayang kaarawan, Loti,” sabay bati ng buong mag-anak.

Masayang pinagsaluhan ng mag-anak ang kanilang baon. Busog na busog sila! Pagkatapos ng kainan, naghanap si Tatay Abner ng basurahan subalit wala siyang nakita. Kaya naisipan niyang itapon ang mga pinagkainang *paper plates* at *cups*, plastik na kutsara at tinidor, balat ng saging at iba sa dalampasigan.

“Ano ka ba Abner! Huwag kang magtapon ng basura sa dalampasigan. Dalhin na lang natin sa bahay at doon itapon sa ating basurahan,” sabi ni Nanay Siony.

Samantala, inihagis ni Doni sa dagat ang plastik *bag* na ginawa niyang laruan. “Doni, bakit mo itinapon ang plastik *bag* sa dagat?” tanong ni Loti. Ok lang yan ate, wala namang ibang nakakita,” tugon ni Doni. “Kahit na, napag-aralan natin na ang basura ay itinatapon sa basurahan at hindi kung saan-saan,” paliwanag ni Loti. “Sige ate kunin ko na lang ulit ang basura, ang sagot ni Doni.

Masayang umuwi ang mag-anak. Bitbit ni Loti ang ginamit na *bottled water* para gawing alkansya. Pagdating nila sa bahay nakita nila na nagsusunog ng basura ang kanilang kapitbahay na

si Aling Minda. “Ate, hindi ba ipinagbabawal ang pagsunog ng basura dahil sa masamang epekto nito sa kalusugan ng tao at kapaligiran?” tanong ni Doni. “Oo Doni. Huwag na natin silang gagayahin. Huwag tayong magsunog ng basura. May *compost pit* naman tayo sa likod-bahay, ito yung bakanteng lote kung saan pinagsasama-sama natin ang mga nabubulok na mga basura,” ang sagot ni Loti. “Di bale na mga bata, paaalalahanan ko si Aling Minda na may ordinansang nagbabawal magsunog ng basura,” ang sabi ni Nanay Siony.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Bakit sinuway ni Nanay Siony si Abner?
2. Bakit hindi sumang-ayon si Loti sa ginawa ni Doni?
3. Kailangan bang sundin ang sinasabi nina Nanay Siony at Loti patungkol sa pangangasiwa ng basura? Bakit?
4. Anong mga gawain sa kuwento ang nagpapakita ng pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran?
5. Sino sa mga sumusunod na tauhan sa kuwento ang dapat mong tularan? Bakit?
6. Anong pagpapahalaga ang dapat taglayin upang tamang mapangasiwaan ang kapaligiran?



### ***Suriin***

Ang kapaligiran ay biyaya mula sa Diyos. Ito ay dapat nating ingatan, pangalagaan, at pagyamanin. Tayong lahat ay may tungkuling panatilihin ang kalinisan at kaayusan ng kapaligiran. May mga gawaing makatutulong upang mapanatiling malinis at maayos ang ating kapaligiran. Ang mga ito ay:

- segregasyon o pagtapon ng mga basurang nabubulok at di nabubulok sa tamang lagayan

- pagsasagawa ng muling paggamit ng mga patapong bagay (*Recycling*)
- pag-iwas sa pagsunog ng anumang bagay

Sa segregasyon o paglagay ng mga basurang nabubulok at di-nabubulok sa tamang lagayan, madali nating matutukoy ang maaaring gawing pataba at maaaring i-*recycle*. Bukod pa rito, ang mga mapanganib na basura gaya ng mga bubog, ilaw na *fluorescent tubes* at bombilya, *gas* o langis na maaaring magdulot ng aksidente at problema sa kalusugan ng mga tao at hayop kung ang mga ito ay hindi naitapon nang maayos ay miiwasan. Kapag itinapon natin ang basura sa tamang lalagyan, hindi rin mahihirapan sa pagbukod ang mga taga-kolekta nito.

Ang pagreresiklo naman o ay makakatulong upang mabawasan ang basura sa *dumpsites*. Kung ang lahat ng basura sa pang-araw-araw na gawain ay itatapon dito, madali itong mapupuno at maghahanap na naman ng bagong lugar na paglalagyan ng mga nakolektang basura. Magiging itong siklo hanggang sa wala ng magagamit na lugar para sa pagtatapunan ng nakolektang basura. At ang pinakamahalaga, kung mababawasan ang mga basurang napupunta sa *dumpsites*, mababawasan din ang polusyon sa hangin at tubig.

Sa pagreresiklo ay makakatipid din tayo at maaari pa tayong kumita. Sabi nga, “May pera sa basura.” Maaari nating ipagbili ang mga lumang papel, diyaryo, at magasin sa *junkshop* upang magamit ito sa paggawa ng ibang bagay tulad ng papel.

Isa pa sa mga gawaing makakapanatili ng ganda ng ating kalikasan at kapaligiran ay ang pag-iwas sa pagsunog ng basura. Bakit ba ito ipinagbabawal? Ang pagsusunog ng basura ay naglalabas ng masasamang elementong hangin at nakadaragdag sa tinatawag na *greenhouse gases*. Ito ang nagiging dahilan ng lalong pag-init o pagtaas ng temperatura sa buong mundo. Bukod pa rito, naglalabas din ito ng usok na nakadaragdag sa polusyon ng hangin at kemikal na nakakapinsala sa kalusugan ng tao. Maaari itong maging sanhi ng pagkahilo, sakit ng ulo, mga pantal

sa balat, paghina ng resistensya, *asthma*, at iba pang sakit sa baga.

Maraming pamamaraan upang mapanatiling malinis at maayos ang kapaligiran. Kailangan lamang magtulungan ang lahat at disiplina'y pairalin upang makamit natin ang kaaya-aya at ligtas na kapaligiran.





## ***Pagyamanin***

### **Gawain 1**

Ang bawat basura ay dapat naitatapon sa wasto nitong lalagyan. Mahalagang matukoy kung ito ay nabubulok o di-nabubulok.

**Panuto:** Iguhit sa wastong lalagyan ang mga basurang nakakalat sa parke. Isulat ang sagot sa sagutang papel.





Alin sa mga ito ang maaaring *i-recycle*? Isulat ang sagot sa sagutang papel.

---



---

## Gawain 2

**Panuto:** Suriin ang mga larawan sa ibaba. Ano ang magiging epekto sa kapaligiran at sa tao ng mga sumusunod na sitwasyon? Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1.



---



---



---



---



---




---



---

2.



\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

3.



\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

4.



\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_





## **Isaisip**

Kompletuhin ang talata tungkol sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Bilang mamamayang Pilipino, may tungkulin akong panatilihin ang kalinisan at kaayusan ng kapaligiran. Isa sa mga gawaing nakapagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran ay ang pagbubukod-bukod ng basura. Kailangang ibukod ang mga basura sa 1) \_\_\_\_\_ at \_\_\_\_\_ upang 2) \_\_\_\_\_

Mahalaga rin ang *recycling* dahil 3) \_\_\_\_\_

Dapat ding iwasan ang pagsunog ng basura dahil 4) \_\_\_\_\_

Ang hangarin ng mga gawaing ito ay magiging matagumpay lamang kung ang bawat mamamayan ay \_\_\_\_\_



## **Isagawa**

Ang sumusunod ay mga gawaing nakapagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran. Isagawa ito. Kunan ng larawan o *video* ang iyong paghahanda, pagsasagawa at awtput mula sa gawain. Ipadala ito sa iyong guro.

Sa isang buong araw, maging isang kolektor ng basura sa inyong bahay. Ilagay ang mga basura sa wastong lagayan. Tukuyin ang mga nailagay ninyo sa di-nabubulok. Isulat ang maaring

maging bagong produkto mula sa pagresiklo nito. Gamitin ang tsart sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

<b>Mga Basurang Di-nabubulok</b>	<b>Ito ay maaari kung i-recycle upang maging....</b>
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

Pumili ng isang basurang di-nabubulok sa inyong listahan. I-*recycle* ito. Sundin ang rubrik sa pagsasagawa na nasa ibaba.

**Rubrik sa Pagsasagawa:**

Mga Pamantayan	Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan (5)	Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang (3)	Hindi nakasunod sa pamantayan (1)
Naipakita ang paggamit ng naresikulong bagay mula sa basura.			
Naipakita ko ang kahusayan sa paggawa.			
Naipakita ko ang aking pagkamalikhain sa paggawa ng niresiklong bagay.			



## Tayahin

**I. Panuto:** Lagyan ng **T** ang pahayag kung **tama** ang isinasaad ng pangungusap sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran at **M** kung **mali**. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_1. Sa *recycling*, mag-aaksaya lamang tayo ng oras. Mas mabuti pa ang bumili nalang ng bago.
- \_\_\_2. Kailangang magtulungan ang mga mamamayan sa pagsagawa ng wastong segregasyon upang mapanatili ang malinis at maayos na kapaligiran.
- \_\_\_3. Ang mga hindi nabubulok na basura ay maaaring sunugin upang mabawasan ang basura sa paligid.
- \_\_\_4. Ang mga patapong bagay na puwede pang *i-recycle* ay maaaring pagkakitaan sa pamamagitan ng pagbebenta nito sa *junkshop*.
- \_\_\_5. Mas mainam na bumili na lang ng mga bagong kagamitan kesa sa mag-*recycle*. Makatutulong pa tayo sa mga negosyante.

**II. Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa inyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_1. Natutunan mo sa Edukasyon sa Pagpapakatao na dapat ibukod-bukod ang mga basura. Ngunit hindi ito isinasagawa sa inyong bahay. Ano ang mainam mong gawin?
  - A. Hayaan lang ito.
  - B. Isumbong sa guro.
  - C. Pagalitan ang mga magulang.
  - D. Imungkahi na simulan ang pagbubukod-bukod ng basura.

- \_\_\_\_\_2. Napansin mong maraming nakatambak na mga boteng plastik sa likuran ng inyong bahay. Ano ang dapat mong gawin?
- A. Hahayaan lamang ang mga ito na nakatambak sa likod- bahay.
  - B. Gagawin ang mga ito na plastik na paso.
  - C. Itatapon ko ang mga ito sa *compost pit*.
  - D. Susunugin ko ang mga ito.
- \_\_\_\_\_3. Upang mabawasan ang basura sa bakuran nina Gina, nagwalis siya at sinunog ang mga ito. Sinabihan siya ng kaniyang Nanay na itigil niya ang pagsunog ng basura dahil ipinagbabawal. Kung ikaw si Gina, ano ang gagawin mo? Bakit?
- A. Ipagpapatuloy ko ang pagsunog ng basura upang maging malinis ang aming bakuran.
  - B. Ititigil ko ang pagsusunog ng basura dahil magdudulot ito ng polusyon sa hangin.
  - C. Bibilisan ko ang pagsunog ng basura upang matapos na ako.
  - D. Mangangatwiran sa Nanay dahil para rin naman sa kalinisan ng kapaligiran.
- \_\_\_\_\_4. Napapansin mong marami pa ring nagsusunog ng basura sa inyong barangay. Ano ang dapat mong gawin?
- A. Hayaan na lang ang pagsusunog ng basura.
  - B. Magsusunog na rin ng basura.
  - C. Hindi gagayahin ang kanilang ginagawa.
  - D. Ipapasabay na sa kanila ang mga basura namin.

\_\_\_\_\_5. Alin sa mga sumusunod na mga gawain ang nagpapakita ng wastong segregasyon?

- A. pagtapon ng sirang bombilya sa basurahan ng mga nabubulok
- B. paglagay ng tinik ng isda sa basurahan ng dinabubulok
- C. paglagay ng plastik kasama ang mga buto ng mangga
- D. pagtapon ng balat ng saging kasama ng mga tuyong dahon



### **Karagdagang Gawain**

**Panuto:** Hanapin ang 15 salita sa loob ng *puzzle* na may kaugnayan sa ating aralin. Bilugan ang mga ito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

N	C	P	K	A	P	A	L	I	G	I	R	A	N	K	O	S	K
A	C	A	D	E	B	N	R	U	B	C	A	F	P	K	L	Y	E
K	A	G	O	P	L	A	S	O	Q	D	B	G	A	A	U	O	M
P	A	G	S	U	N	O	G	N	G	B	A	S	U	R	A	P	I
D	L	W	I	N	R	P	O	V	W	E	I	B	I	H	P	E	K
I	S	B	P	K	O	B	S	S	T	Y	M	A	P	O	T	M	A
S	N	A	S	L	M	Y	V	I	K	A	M	S	L	G	I	G	L
I	I	D	Y	P	O	H	S	K	N	U	J	U	A	I	L	N	W
P	P	S	G	I	G	P	A	A	D	O	S	R	S	Y	A	I	X
L	Y	D	A	I	M	E	P	Y	G	Y	E	A	T	I	S	L	Y
I	K	E	Z	U	M	Q	O	R	O	E	O	E	I	S	A	C	P
N	A	A	D	I	G	A	S	N	H	M	R	X	K	K	P	Y	W
A	K	A	L	U	S	U	G	A	N	W	X	G	I	L	Q	C	V
P	A	N	T	A	L	S	A	B	A	L	A	T	E	D	Q	E	U
B	N	E	L	A	S	O	N	L	U	V	E	M	N	S	E	R	T

Pumili ng limang salita at gamitin ito sa pagbuo ng konsepto tungkol sa aralin ng modyul na ito. Isulat ang limang konsepto sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_



## Susi sa Pagwawasto

- Subukin**
- A. 1. Mali  
2. Tama  
3. Tama  
4. Tama  
5. Mali
- B. 1. D  
2. C  
3. D  
4. B  
5. D

Ang mga titik na nasa karatula ay ang mga sumusunod: A, B, E

### Balikan

- Ang mga larawang nakalagay sa basurahang DI-NABUBULOK ay ang mga sumusunod: *plastic bottles*, mga plastik ng tsitsirya, *paintbrush*, at goma.
- Ang mga basurang maaaring mai-recycle ay ang mga plastik ng tsitsirya, *paintbrush*, goma
- Ang mga larawang nakalagay sa basurahang DI-*chicken*, tuyong dahon, papel.
- ay ang mga sumusunod: halamang nabuwal, buto ng *fried*
- Ang mga larawang nakalagay sa basurahang NABUBULOK

### Payamanin Gawain 1

- Mga Posibleng Sagot:
  - Ang sitwasyong ito ay ang nakakaambag sa mataas na polusyon sa hangin, tubig at maging sa lupa.
  - Maaaring magkaroon ng sakit ang mga tao.
  - Maaaring magkaroon ng pagkahilo ang mga tao, sakit ng ulo, mga pantal sa balat, paghina ng *immune system*, *asthma*, at iba pang sakit sa бага.
  - Magiging mabaho ang lugar.
- Mga Posibleng Sagot:
  - Magiging madumi ang tubig.
  - Makakaambag ito sa polusyon sa tubig.
  - Magiging mabaho ang ilog.

### Gawain 2

1. Mga Posibleng Sagot:

**Isagawa**

Magkakaroon ng iba-ibang sagot ang mag-aaral.

**Isaisip**

1. Nabubulok at Di-nabubulok

2. Mga Posibleng Sagot:

- madaling matukoy ang mga maaring gawing pataba at mga basurang maari pang mai-recycle
- upang hindi magkahalo- halo ang mga basura at hindi magkalat

3. Mga Posibleng Sagot:

- makagagawa tayo ng panibagong bagay mula sa ginamit na bagay at makatitipid tayo
- mababawasan ang mga basurang mapupunta sa dumpsites.

4. Mga Posibleng Sagot:

- ang pagsunog ng basura ay naglalabas ng mapanganib na antas ng carbon dioxide, isang greenhouse gas.
- ang pagsunog ng basura ay naglalabas ng usok o kemikal na nakakapinsala sa kalusugan ng tao.

5. Mga Posibleng Sagot:

- mayroong disiplina

**Gawain 2**

3. Mga Posibleng Sagot:

- Magiging madumi ang parke o kapaligiran.
- Makaambag ito sa polusyon sa hangin at maging sa lupa.
- Magiging mabaho ang lugar.

4. Mga Posibleng Sagot:

- Ang sitwasyong ito ay ang nakaambag sa mataas na polusyon sa hangin at maging sa lupa.
- Maaring magkaroon ng sakit ang mga tao.
- Maaring magkaroon ng pagkahilo ang mga tao, sakit ng ulo, mga pantal sa balat, paghina ng immune system, asthma at iba pang sakit sa baga.
- Magiging mabaho ang lugar.



**I**  
**Pagtataya**  
 1. M  
 2. T  
 3. M  
 4. T  
 5. M

**II**  
 1. A  
 2. B  
 3. B  
 4. C  
 5. D

Para sa hinihinging limang pangunusap, magkakaroon ng iba-ibang sagot ang mag-aaral batay sa kanilang piling salita.

B	N	E	L	A	S	O	N	L	U	V	E	M	N	S	E	R	T
P	A	N	T	A	L	S	A	B	A	L	A	T	E	D	Q	E	U
A	K	A	L	U	S	U	G	A	N	W	X	G	I	L	Q	V	
N	A	A	D	I	G	A	S	N	H	M	R	X	K	K	P	W	
I	K	E	Z	U	M	Q	O	R	O	E	O	E	I	S	A	P	
L	Y	D	A	I	M	E	P	Y	G	Y	E	A	T	I	S	Y	
P	P	S	G	I	G	P	A	V	A	D	O	S	R	S	A	X	
I	I	D	Y	P	O	H	S	K	N	U	J	U	A	I	L	W	
S	N	A	S	L	M	Y	V	I	K	A	M	S	L	G	I	L	
I	S	B	P	K	O	B	S	S	T	Y	M	A	P	O	T	A	
D	L	W	I	N	R	P	O	V	W	E	I	B	I	H	P	E	
P	A	G	S	U	N	O	G	N	G	B	A	S	U	R	A	I	
K	A	G	O	P	L	A	S	O	Q	D	B	G	A	A	U	M	
A	C	A	D	E	B	N	R	U	B	C	A	F	P	K	L	E	
N	C	P	K	A	P	A	L	I	G	I	R	A	N	K	O	S	

**Karagandang Gawain**

Mahusay ka! Naipamalas mo ang pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran. Binabati kita. Patuloy mo itong isagawa upang mapangalagaan ang ating Inang Kalikasan.

Sapagkat natapos mo nang may mapanuring pag-iisip ang araling ito, maaari ka nang tumungo sa susunod na yunit. Handa ka na!

## ***Sanggunian***

Kodaka, Akira. (2020, 10 22). Environmental Justice Atlas. <https://ejatlas.org/conflict/smokey-mountain-philippines>

The importance of waste segregation. David Avadon Waste Management Blog. <http://www.davidavadon.com/the-importance-of-waste-segregation/>

Vector- A dirty park/ landscape illustration. [https://www.123rf.com/photo\\_105989628\\_a-dirty-park-landscape-illustration.html](https://www.123rf.com/photo_105989628_a-dirty-park-landscape-illustration.html)

(2018, 9 15). Road Green sign. Vector blank isolated icons template stock illustration. iStock. <https://www.istockphoto.com/vector/road-green-signs-vector-blank-isolated-icons-template-gm1037444824-277713957>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)